GABAY NG MAGULANG SA UNTI-UNTING PAGHIHIWALAY

Maligayang Pagdating sa Pangangalaga ng mga Bagong Dating na Mga Bata (Care for Newcomer Children - CNC)

Maligayang pagdating sa aming CNC program!

Upang matulungan ang iyong anak na maramdaman na siya ay ligtas at payagan ka na makapag-aral nang hindi nag- aalala, mahalaga na maglaan ka ng mas maraming panahon para maging komportable siya sa aming programa at mga kawani, at pahintulutan kang mag-aral nang hindi nag-aalala, mahalagang maglaan ng ilang panahon para maging komportable sa aming programa at tauhan.

Kadalasan umiiyak ang mga bata, nagkakaroon kasi sila ng pakiramdam na para silang nawawala o kaya naman ay nagpapakita ng matinding reaksyon sa unang pagkakataon na makikita nilang aalis ang kanilang mga magulang.

Ano ang unti-unting paghihiwalay?

Ang unti-unting paghihiwalay ay nangangahulugan ng pagdaragdag sa haba ng pagkakalayo ng magulang sa kanyang anak habang ang bata ay nagiging mas komportable sa programa. Nangangailangan ito ng pakikipagtulungan sa mga kawani ng programa at paghahanda ng inyong anak nang mas maaga sa inyong unang paghihiwalay.

Unti-unting paghihiwalay:

- Isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng bata,
- Tinutulungan ang bata na maramdaman niya na siya ay ligtas at malayo sa panganib
- Itinataguyod ang sa maayos na paglilipat sa aming programa, at
- Nagtatakda ng yugto para sa matagumpay na paghihiwalay at malusog na ugnayan habang lumalaki ang bata.

Ang bata na nagkaroon ng trauma sa unang paghihiwalay ay mas matagal bago mapanatag sa programa, kaya ipinapakiusap na maging handa kayo na samahan ang inyong anak kung kinakailangan.

Paano ito gumagana?

Bago ka magsimula sa pagpasok sa iyong klase:

- Kung maaari, bisitahin ang aming programa kasama ang inyong anak.
- Kaswal na makipag-usap sa mga tauhan tungkol sa inyong anak, sa programa at kung ano ang karaniwan nilang plano para sa paghihiwalay. Makatutulong din ito para makita ng iyong anak na ang mga kawani ay maasahan at mapagkakatiwalaan.
- Kung maaari, ipakita sa inyong anak kung saan ang inyong magiging silid-aralan.

Ang unang ilang araw ng inyong anak

- Subukang maging mahinahon at masigla.
- Magpunta sa lugar kung saan sa tingin mo ay mas matutuwa ang iyong anak at sabihin sa kawani kung ano ang gustong laruin ng iyong anak.
- Pagtuunan ng pansin ang iyong anak. Makipag-usap sa kanila, ipakita ang mga laruan at makipaglaro sa kanila.
- Maging alerto sa iba pang larangan kung saan maaari silang maging interesado at suportahan kung ano ang kanilang hilig.
- Bantayan ng mga pahiwatig mula sa kawani.
- Hikayatin ang iyong anak na makipaglaro sa ibang mga bata o sa mga kawani kapag handa na sila. Kung hindi pa handa ang inyong anak, okey lang na maghintay pa ng kaunting panahon.

Funded by: Immigration, Refugees and Citizenship Canada / Financé par : Immigration, Réfugiés et Citoyenneté Canada

GABAY NG MAGULANG SA UNTI-UNTING PAGHIHIWALAY

- Kung kayang maglarong mag-isa ng inyong anak at kaya na niyang makipaglaro sa iba, ito ay magandang palatandaan na handa na silang para sa kanilang unang paghihiwalay! Subukang tumalikod at saka magmasid.
- Kung ang inyong anak ay sumunod kaagad sa inyo at mukhang kailangan mong manatiling sa malapit sa kanila, maaaaring hindi pa sila handa.
- Ang ganap na paghihiwalay ay maaaring magtagal sa mga bata na nakaranas ng karahasan at trauma.

Paunang paghihiwalay

Kapag nakikita mo at ng mga tauhan na naglalarong mabuti ang inyong anak at mukhang komportable, maaari ka ng magsimulang umalis sa programa nang ilang saglit.

- Sabihin sa inyong anak na pupunta ka sa banyo at babalik ka pagkaraan ng ilang minuto.
- Huwag kang aalis sa silid nang hindi nagsasabi sa mga kawani na ikaw ay aalis na.
- Magpunta sa banyo at tiyakin na babalik ka sa eksaktong oras na sinabi mo.
- Kung ang unang paghihiwalay na ito ay magiging traumatiko sa inyong anak, maaaring hindi pa sila handa.

Pagkatapos maging maayos ang unang paghihiwalay, ang susunod ay handa ka nang subukan ang pangalawang paghihiwalay na medyo mas mahaba (5-15 minuto). At sa pangatlo, pwede na ang mas mahabang paghihiwalay (10-20 minuto).

Ang maikling paghihiwalay na ito ay magbubuo sa tiwala ng inyong anak at makakatulong sa kanila na maunawaan na lagi kang babalik. Para sa bawat paghahanda, tiyakin na:

- Maging hindi pabagu-bago.
- Sabihin sa inyong anak na ikaw ay aalis. Ang pagtakas ay nakasisira ng tiwala at maaaring maging mas mas mahirap ang susunod na paghihiwalay.
- Hangga 't maaari, gawing maikli ang inyong pamamaalam at magkaroon ng hindi pabagu -bago/ pamilyar na kawani para tulungan ang inyong anak kapag umalis ka.
- Patuunan ng pansin ang mga positibo sa iyong pagbabalik. Subukang tanungin ang inyong anak tungkol sa kung alin sa mga laruan ang kanilang nilaro o ano ang mas nagustuhan nilang laruin.
- Kapag kaya na ng inyong anak ang mga maiikling paghihiwalay, hindi na sila masyadong malulungkot, handa na sila para pakawalan ka! Kapag nagsimula ka nang iwan ang inyong anak sa kabuuang haba ng programa, pilitin mo na laging maunang darating para sunduin sila para palakasin ang ideya na lagi kang babalik.

Paano kung nalulungkot ang aking anak?

Kung may problema pa rin ang inyong anak, subukang huwag mag-alala. Maaaring kailangan mo pang maglaan ng karagdagang panahon na kasama ang inyong anak at upang matulungan sila na madama na sila ay ligtas at komportable sa programa. Ang pagdadala ng laruan o kumot, o pag-iwan ng inyong balabal o pangginaw na maaaring makatulong sa inyong anak na maging mas komportable.

Marami nang natulungang pamilya ang mga tauhan ng programa sa pamamagitan ng prosesong ito at nariyan sila para gabayan at suportahan ka.

CMAS
PAGSUPORTA SA PANGANGALAGA AT PANINIRAHAN NG MGA BATANG IMIGRANTE

Para sa higit pang mapagkukunan ng magulang, bisitahin ang: www.cmascanada.ca

Care for Newcomer Children

Funded by: Immigration, Refugees and Citizenship Canada / Financé par : Immigration, Réfugiés et Citoyenneté Canada